


ARALIN 1.3

IV. Konseptuwal na Balangkas

Narito ang Konseptuwal na Balangkas ng araling ito na makatutulong upang maip plano mo ang iyong mga gawain.



Alam mo ba na bago pa man dumating ang mga mananakop tayo ay may sarili nang panitikan? Hindi maikakailang yumabong pa ito sa kanilang pagdating. Sa araling ito, pag-aaralan

natin ang mga akdang sumibol sa Panahon ng Hapones na bagamat napakahirap ng buhay ng mga Pilipino noon ay napaunlad pa rin

*ang mga **tula (haiku at tanaga), at maikling kuwento.***

Ugnay-Panitikan



TANAGA AT HAIKU

Mayaman ang ating bansa sa mga akdang pampanitikan dahil sa impluwensiya ng mga dayuhang sumakop sa ating bansa. Isa na rito

ang tula sa Panahon ng Hapones. Sinasabing dahil sa kahirapan ng papel noong Panahon ng Hapones, lumabas ang maiikling tula na tinatawag na tanaga at haiku.

Ano ang tanaga at haiku? Ayon kina Noceda at Sanlucar, ang tanaga ay isang anyo ng tula na lubhang mataas ang uri at binubuo ng isang matayog na guniguni at marangal na kaisipan. May **4 na taludtod** (linya ng bawat saknong sa tula) na **may sukat** (bilang ng pantig sa bawat taludtod), binubuo ng **pitong pantig** (walang antalang bugso ng tinig na pasulat na bawat pantig ay laging may isang patinig) sa bawat taludturan, may **tugma** (pagkakatulad ng tunog sa huling pantig ng huling salita sa bawat taludtod) at puno ng talinghaga.

Halimbawa:



SIPAG

Magsikhay nang mabuti
Sa araw man o gabi
Hindi mamumulubi
Magbubuhay na hari



IKAW LANG

Dasal ko sa Bathala
Sana'y makapiling ka sa
luha ko at dusa
Ikaw ang aking sigla

Samantalang ang haiku ay tula ng mga Hapones na binubuo ng **labimpitong pantig** na nahahati sa **tatlong taludtod**. Ang unang taludtod ay binubuo ng **limang pantig**; ang ikalawa'y may **pitong pantig**, at ang ikatlo'y may **limang pantig** tulad ng una.

Halimbawa:

Puno ay sanga
Bisagra ay talahib,
Kandado'y suso.

Hila mo't tabak...
Ang bulaklak nangingin
Sa paglapit mo...

GAWAIN 1.3.1.d: Talinghaga ng Buhay

Ibigay ang kaisipang nais ipatid ng kasunod na mga tanaga at haiku. Gawin sa papel. Gayahin ang pormat.

A.

Ang katoto kapag tunay
hindi ngiti ang pang-alay
kundi isang katapatan
ng mataos na pagdamay.

B.

Puno ay sanga
Bisagra ay talahib,
Kandado'y suso.

Mga Pangungusap na Walang Tiyak na Paksa

1. Penomenal- Ito ay tumutukoy sa mga pangungusap na tumutukoy sa mga kalagayan o pangyayaring pangkalikasan o pangkapaligiran.
Halimbawa: Umuulan
Lilindol uli!
Maginaw ngayon.
Makulimlim na naman.
2. Temporal- Nagsasaad ito ng mga kalagayan o panahong panandalian karaniwan itong mga pang-abay na nagsasabi ng...
Halimbawa: Tanghali na
Bukas ay Miyerkules
Alas singko pa lang ng umaga.
Todos los Santos sa Lunes
Magbabakasyon lang
3. Eksistensiyal- Nagsasaad ito ng “pagka mayroon” o pagkawala”.
Inilalagay sa unahan nito ang mga salitang may o mayroon at wala.
Halimbawa: Wala pang bisita
May nakakuha na
May hinihintay pa
Walang sumasagot
4. Modal- Nangangahulugan ito ng gusto, nais, ibig, pwede, maaari, dapat, o kailangan.
Halimbawa: Puwede bang sabihin.
Maaari bang magdagdag?
Gusto kong magbigay.
Nais/ibig mo ba?

ARALIN 1.3.2 – Maikling Kuwento

Ang maikling kuwento ay isang kathang pampanitikang ang layuni'y maglahad o magsalaysay ng isang maselan at nangingibabaw na pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan. Ang maikling kuwento, bukod sa pagiging maikli at may iba't ibang elemento tulad ng tagpuan, tauhan, banghay, tunggalian kasukdulan at wakas. Isang natatanging katangian ng maikling kuwento ay nag-iiwan ng kakintalan sa mambabasa.

Uhaw ang Tigang na Lupa
ni Liwayway Arceo

Ilang gabi nang ako ang kapiling niya sa higaan.
Tila musmos akong dumarama sa init ng kanyang dibdib at
nakikinig sa pintig ng kanyang puso. Ngunit, patuloy akong
nagtataka
sa malalim na paghinga niya, sa kanyang malungkot na pagtitig
sa
lahat ng bagay, paghikbi...Ilang araw ko nang hindi nadadalaw
ang

aklatan: ilang araw ko nang hindi nasasalamín ang isang
larawang
mahal sa akin: bilugang mukha, malapad na noo, hati-sa-
kaliwang
buhok, singkit na mga mata, hindi katangusang ilong, mga labing
duyan ng isang ngiting puspos-kasiyahan...Sa kanya ang aking
noo
at mga mata. Ang aking hawas na mukha, ilong na kawangki ng
tuka
ng isang loro, at maninipis na labi, ay kay Ina...Si Ina ay hindi
palakibo: siya ay babaing bilang at sukat ang pangungusap. Hindi
niya
ako inuutusan. Bihira siyang magalit sa akin at kung
nagkakagayon ay
maikli ang kanyang pananalita: Lumigkit ka!...At kailangang 'di ko
makita. Kailangang 'di ko masaksihan ang kikislap na poot sa
kanyang
mga mata. Kailangang 'di ko namamalas ang pagkagat niya sa
kanyang
labi. Kailangang 'di ko na makita ang panginginig ng kanyang
mga
daliri. Ito rin ang katumbas ng kanyang mariing huwag kung
mayroon
siyang ipinagbabawal. Ang ngiti ni Ina ay patak ng ulan kung
tagaraw:
ang bata kong puso ay tigang na lupang uhaw na uhaw...Minsan
man ay hindi ko narinig na may pinagkagalitan sila ni Ama
bagama't
hindi ko mapaniwalaang may magkabiyak ng pusong hindi
nagkakahinampuhan. Marahil ay sapagkat kapwa sila may hawak
na
kainawaan: ang pagbibigayan sa isa't isa ay hindi nalilimot

kailanman.Kung gabi ay hinahanap ko ang kaaliwang idinudulot
ng
isang amang nagsasalaysay tungkol sa mga kapre at nuno at
tungkol
sa magagandang ada at prinsesa; ng isang nagmamasid at
nakangiting
ina; ng isang pulutong ng nakikinig na magaganda at
masasayang
bata.Ngunit, sa halip niyon ay minalas ko si Ama sa kanyang
pagsusulat; sa kanyang pagmamakinilya; sa kanyang pagbabasa.
Minamasdan ko kung paano niya pinapakunot ang kanyang noo;
kung
paano niya ibinubuga ang asong nagbubuhay sa kanyang tabako;
kung
paano siya titingin sa akin na tila may hinahanap; kung paano
niya
ipipikit ang kanyang mga mata; kung paano siya magpapatuloy sa
pagsulat...Si Ina ay isang magandang tanawin kung nanunulsi ng
mga
punit na damit; kung nag-aayos ng mga uhales at nagkakabit ng
mga
butones sa mga damit ni Ama. Sa kanyang pagbuburda ng aking
mga
kamison at panyolito – sa galaw ng kanyang mga daliri –
ay natutunghayan ko ang isang kapana-panabik na kuwento.
Ngunit,
ang pananabik na ito’y napapawi.Kabagut-bagot ang aking pag-
iisa
at ako ay naghahanap ng kasama sa bahay:isang batang marahil
ay
nasa kanyang kasinungalingang gulang o isang saggol na
kalugudlugod,
may ngiti ng kawalang-malay, mabango ang hininga, may maliit
na paa at kamay na nakatutuwang pisilin, may mga pisngi at

labing walang bahid-kasalanan at kasiya-siyang hagkan, o isang kapatid na kahulihan ng gulang, isang maaaring maging katapatan...Sakali mang hindi nagkagalit si Ina at Ama, o kung nagkagalit man ay sadyanghindi ipinamamalay sa akin, ay hinahanap ko rin ang magiliw na palitan ng mga titig, ng mga ngiti, ng mga biruan. Sapat na ang isang tuyot na aalis na ako sa pagpapaalam ni Ama. Sapat na ang naningil na ang maniningil sa ilaw o sa tubig o sa telepono upang sakupin angpanahong itatagal ng isang hapunan. Sapat na panakaw sa sulyap ni Ama upang ipadamang may naririnig siya.Mabibilang sa mga daliri ng aking dalawang kamay kung makailan kaming nagpasyal: Si Ama, si Ina at ako. Malimit na ako ang kasama ni Ina; hindi ko nakitang sinarili nila ang pag-aaliw.Inuumaga man si Ama sa pag-uwi kung minsan ay hindi ko kinapapansinan ng kakaibang kilos si Ina. Nahihiga rin siya pagdating ng mga sandali ng pamamahinga at kung nakatutulog siya o hindi ay hindi ko matiyak.

Marahil ay ito ang tunay na madarama ng kataling-puso ng isang taong inaangkin ng madla...Ngunit, walang pagsisisi sa kanyang tinig.

Ilang taon na ngayon ang nakaraan nang minsang may ibinalik na aklat ang aming tagapaglaba: yaon daw ay nakuha niya sa isang lukbutan ng amerikana ni Ama. Ibinigay ko yaon kay Ina: yaon daw ay talaarawan ni Ama.Kinabukasan ay may bakas ng luha ang mga mata ni Ina. Kapansin-pansin ang lalo niyang hindi pagkibo buhat

noon. Lalo siyang naging malungkot sa aking paningin. Ano ang
nasa
isang talaarawan? Lasing na lasing si Ama. Karaniwan nang
umuuwing
lasing si Ama ngunit, kakaibaang kalasingan niya ngayong gabi.
Hinihilamusan siya ni Ina ng malahiningang tsaa, ngunit wala
itong
naibigay na ginhawa. Hindi rin kumikibo si Ina: nasa mga mata
niya
ang hindi maipahayag na pagtutol

Sapagkat may isusulat ako...sapagkat ikamamatay ko ang
pighating ito...sapagkat...sapagkat...sapagkat...Idinaraing ngayon
ni

Ama ang kanyang dibdib at ulo: hindi raw siya makahingang
mabuti. Marahil ay may sapon ka, ani ina. Sinisinat ka nga. Isang
panyolitong basa ng malamig na tubig ang itinali ko sa ulo ni
Ama.

Wala siyang tutol sa aking ginagawa. Sinusundan niya ng tingin
ang

bawat kilos ko. Ang kanyang mga bisig, buhat sa siko hanggang
sa

palad, at ang kanyang binti, buhat sa tuhod hanggang sa mga
talampakan, ay makailan kong binuhusan ng tubig na mainit na
inakala kong matatagalan niya – tubig na pinaglagaan ng mga
dahon

ng alagaw. Kinulob ko siya ng makakapal na kumot matapos na
inumuin

niya ang ibinigay kong mainit na tubig na pinigaan ng
kalamansi. Nakangiti si Ama: Manggagamot pala ang aking
dalaga! Sinuklian ko ng isang mahinang halakhak ang ngiti niyang
yaon: hindi ako dating binibiro ni Ama. Sana'y ako si ina sa mga
sandaling yaon: sana'y lalo kong ituturing na mahalagaang
nadarama

kong kasiyahan... Nabigo ako sa aking pag-asa: nakaratay nang

may ilang araw si Ama. Halos hindi siya hinihiwalayan ni Ina: sa
ilalim
ng kanyang mga mata ay may mababakas na namang maiitim na
guhit. Anang manggagamot ay gagawin niya ang lahat ng
kanyang
makakaya. Ngunit, ayaw niyang ipagtapat sa akin ang
karamdaman
ni Ama. Ipinaayos ngayon ni Ama ang kanyang hapag. Nililinis ko
ang
kanyang makinilya. Idinikit ko ang kagugupit na kuwentong
kalalathala pa lamang. Pinagsama-sama ko ang mga papel sa
kanyang
mga kahon. Ang pang-ilalim na kahon ng kanyang hapag ay
nagbigay
sa akin ng hindi gagaanong pagtataka: may isang kahitang pelus
na
rosas at isang salansan ng mga liham. Maliliit at mga bilugang
titik
bughaw na tinta sa pangalan ni Ama sa kanyang tanggapan ang
mga nasa sobre. Ang larawan sa kahitang pelus ay hindi yaong
hawas na
mukha, may ilong nakawangki ng tuka ng isang loro, maninipis na
labi.
Sa likod niyon ay nasusulat sa maliliit at bilugang mga titik sa
bughaw na tinta: Sapagkat ako'y hindi makalimot...
Ang larawan ay walang lagda ngunit nadama ko ang biglang
pagkapoot sa
kanya at sa mga sandaling yaon ay natutuhan ko ang
maghinanakit kay Ama.
Bakit sa panahong ito lamang tayo pinaglapit ng pangyayari?
Higit marahil
ang aking katiwasayan kung hindi ka dumating sa aking buhay,
bagamat
hindi ko rin marahil matitiis na hindi maipagpalit ang aking
kasiyahan sa

isang pusong nagmamahal. Totoong ang kalagayan ng tao sa
buhay ang
malimit maging sagwil sa kanyang kaligayahan...Naiwan na natin
ang gulang
ng kapusukan; hindi na tayo maaaring dayain ng ating nadarama.
Ngunit,
nakapagitan sa atin ngayon ang isang malawak na katotohanang
pumipigil sa
kaligayahan ang hindi natin maisakatuparan ay buhayin na
lamang natin sa
alaala. Panatilihin na lamang natin sa diwa ang katamisan ng
isang pangarap;
sana'y huwag tayong magising sa katotohanan...Nakita ko siya
kagabi sa
panaginip; sinusumbatan niya ako. Ngunit, hindi ko balak ang
magwasak ng
isang tahanan. Hindi ko maatim na magnakaw ng kanyang
kaligayahan; hindi
ko mapababayaang lumuha siya dahil sa akin. Ang sino mang
bahagi ng iyong
buhay ay mahal sa akin; ang mahal sa akin ay hindi ko maaaring
paluhain...Ang pag-ibig na ito'y isang dulang ako ang gumaganap
ng
pangunahing tauhan;sapagkat ako ang nagsimula ay ako ang
magbibigaywakas.
Ipalagay mo nang ako'y nasimulang tugtuging nararapat tapusin.
Gawin mo akong isang pangarap na naglalaho pagkagising.
Tulongan mo
akong pumawi sa kalungkutang itong halos pumatay sa
akin...Ngunit, bakit
napakahirap ang lumimot?Nadama ko ang kamay ni Ina sa aking
kanang
balikat: noon ko lamang namalayan na may pumasok sa aklatan.
Nakita niya ang larawang nasa kahitang pelus na rosas.
Natunghan niya ang mga liham

na nagkalat sa hapag ni Ama.Si Ina ay dumating at lumisang
walang
binitiwang kataga. Ngunit, sa kanyang paglisan ay muling binati
ng kanyang
palad ang aking balikat at nadarama ko paang salat ng kanyang
mag daliri;
ang init ng mga iyo, ang bigat ng kanilang pagkakadantay...Ang
katahimikang namagitan sa amin ni Ina ay hindi pa napapawi.
Iniiwasan ko
ngayon ang pagsasalubong ng aming mga titig; hindi ko
matagalan ang
kalungkutang nababasa ko sa mga paninging yaon. Hiningi ni
Ama
ang kanyang panulat at aklat-talaan. Nguni, nang mapaniwala ko
siyang
masama sa kanyang ang bumangon ay kanyang sinasabi:
Ngayon ay ang
aking anak ang susulat nang ukol sa atin...At sa anya'y isang
dalubhasang
kamay ang uukit niyon sa itim na marmol. Ngunit, hindi ko
maisatitik ang
pagtutol na halos ay pumugto sa aking paghinga.Nasa kalamigan
ng lupa
ang kaluwalhatian ko!Kailanman ay hindi ko aangking likha ng
aking mga
daliri ang ilang salitang ito. Huwag kang palilinlang sa simbuyo ng
iyong
kalooban; ang unang tibok ng puso ay hindi pag-ibig sa
tuwina...Halos
kasinggulang mo ako nang pagtaliin ang mga puso namin ng
iyong Ina...Mura
pang lubha ang labingwalang taon...Huwag ikaw ang magbigay
sa iyong sarili
ng mga kalungkutang magpapahirap sa iyo habang-buhay...Muli
kong nadama

ang tibay ng buhol na nag-uugnay ng damdamin ni Ama sa
akin. Kinatatakutan ko na ang malimit na pagkawala ng diwa ni
Ama. Si Ina
ay patuloy sa kanyang hindi pagkibo sa akin, patuloy sa kanyang
hindi pagidlip,
patuloy sa kanyang pagluha kung walang makakita sa
kanya... Ang
kanang kamay ni Ina ay idinantay sa noo ni Ama at ang
pagtatanan ng isang
nais tumakas na damdamin sa kanyang dibdib ay tinimpi ng
pagdadaop ng
kanyang ngipin sa labi. Naupo siya sa gilid ng higaan ni Ama at
ang kaliwang
kamay nito ay kinulong niya sa kanyang mga palad. Magaling na
ako, mahal
ko... magaling na ako... sa muli mong pagparito ay sabihin mo sa
akin kung saan tayo maaaring tumungo... ang moog na itong
kinabibilangguan ko'y
aking wawasakin... sa ano mang paraan... sa ano mang
paraan... Ang malabubog
na tubig na bumabakod sa mga pangangin ni Ina ay nabasag at
ilang butil
niya ang pumatak sa bisig ni Ama. Mabibigat na talukap ang pinilit
na
iminulat ni Ama at sa pagtatagpo ng mga titig nila ay gumuhit sa
nanunuyo
niyang labi ang isang ngiting punong-puno ng pagbasa. Muling
nalapat ang
mga durungawang yaon ng isang kaluluwa at hindi niya namasid
ang mga
matang binabalungan ng luha: ang mga salamin ng
pagdaramdam na di
mabigkas . Nasa mga palad pa rin ni ina ang kaliwang kamay ni
ama: sabihin

mo mahal ko, na maaangkin ko na ang kaligayahan ko...Kinagat
ni ina nang
mariin ang kanyang labi at nang siya'y mangusap ay hindi ko
maamin kay ina
ang tinig na yaon...Maangkin mo na, mahal ko! Ang init ng mga
labi ni ina
ang kasabay ng kapayapaang nananahan sa mga labi ni ama at
nasa mga
mata man niya ang ilaw ng pagkabigo sa pagdurugtong sa isang
buhay na
wala nang luhang dumadaloy sa mga iyon: natitiyak niya ang
kasiyahang
nadama ng kalilisang kaluluwa...

ANG BANGHAY

ng banghay ay isa sa mga sangkap ng maikling kuwento. Ito ay
maayos na
pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Ang
maikling kuwento
ay makapag-iiwan lamang ng kakintalan sa isipan ng mga
mambabasa kung
may mangyayari, kung masasagot ang mga katanungang tulad
ng sumsunod:
ano ang nangyari? Bakit iyon nangyari? Ano ang naging wakas?
Sinasabing
ang banghay ang pinakakaluluwa ng maikling kuwento.
Narito ang ilang tulong para masundan mo at mahiwatigan ang
banghay ng
kuwento.

- a. Alamin ang simula at wakas ng kuwento
- b. Bigyan-pansin ang kilos at galaw ng pangunahing tauhan
- c. Alamin ang mga pangyayaring sumasalungat sa daloy o galaw ng kuwento.

SANHI AT BUNGA

Ang paggamit ng kasanayang sanhi at bunga ay higit na nakapagpapaliwanag at nakapaglalarawan kung bakit naganap ang isang pangyayari at kung ano ang naging epekto nito. Karaniwang ginagamit ang ilang pahayag na tulad ng “dahil

dito, kung kaya, naging bunga nito, ang sanhi ng, kapag ipinatupad ito at iba pa.

Sa paglalahad ng sanhi at bunga sinasagot ang mga katanungang “Bakit ito nangyari” at “Ano ang naging epekto ng naturang pangyayari? Ang sagot sa unang tanong ay tumutukoy sa sanhi at ang ikalawang tanong ay tumutukoy naman sa bunga.

Halimbawa:

Sanhi

Maikling oras sa paghahanapbuhay

- Mababang sweldo
- Mas mahabang panahon sa pamilya

Masinop magbasa

Maraming matututunan